Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[26 May 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good day sa ating mga kababayan na nakikinig ngayon. I hope that you would learn more about the problems of the community from the COVID and your individual problems of the local governments.

We start now with still the main problem now of the Filipino is --- has been there for a long time, it's the COVID-19. Whether we like it or not we would have to discuss it because it is the call of the times. We start with the Secretary of Health, Secretary Duque.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, Mr. President. Magandang gabi po sa atin pong tagapangulo ng Senate Committee on Health and Demography, Senator Christopher Lawrence "Bong" Go; ang atin pong Executive Secretary si Salvador Medialdea; ang akin pong mga kasama sa Gabinete at bumubuo ng Inter-Agency Task Force; at higit po sa lahat ang atin pong mga mahal na kababayan, magandang gabi po sa ngalan ng Department of Health at ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases.

Muli ako po'y magbibigay ng maikling ulat patungkol sa ating COVID-19 situation at iba pa pong mga relevant updates. *[Can we have the slides? The first slide? Next slide, please.]*

Ngayong ika-26 ng Mayo taong 2021, mayroon po tayong nadagdag na 5,310 na bagong kaso. Sa 5,310, *[pakibalik lang 'yong isang slide, 'yan po]* naidagdag sa ating mga kaso the 5,310: 1,025 po ay mula sa Region IV-A; 988 sa NCR; 657 naman sa Region III; at ang natitirang rehiyon ay mayroon pong 2,640 na mga kaso.

At para naman sa ating mga aktibong kaso, ang bilang ngayong ika-26 ng Mayo ay nasa 46,037 cases at ito po ay katumbas na 3.86 percent ng ating mga kabuuang bilang ng kaso. Ito po ang isa sa mga pinakamababang porsyento ng atin pong naitalang aktibong mga kaso.

Sa kabilang dako, ang atin naman pong recoveries ay umabot na sa 1,127,770 at ang ating recovery rate ay nasa 94.45 percent. Habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 20,169 na atin pong mga kababayan na nakakalungkot po at sila'y pumanaw; at ang atin naman pong case fatality rate ay nananatiling nasa 1.69 percent.

Para sa mga Pilipinong may edad na mababa sa isang taon hanggang 49 na taong gulang, ang kanila pong case fatality rate ay nasa mababang 0.41 percent. Samantalang ang mga Pilipinong may edad na 50 taon hanggang mataas sa 80 taong gulang, ang case fatality rate ay napakamataas po nasa 5.38 percent. Ito po ay katumbas ng 16,543 na pumanaw over 307,720. Ito rin po ang malaking dahilan kung bakit kinakailangan unahin ang mga matatanda o mga senior citizens sa atin pong vaccination program.

[Next slide.]

Patuloy ngunit bumabagal ang pagbaba ng mga kaso sa National Capital Region. At dito po nakikita natin ang case trends nationwide at sa National Capital Region, ang atin pong epicenter ng ating COVID surge, makikita po sa panukatan gamit ang average daily attack rate per 100,000 population sa buong Pilipinas ay noong kasagsagan 9.2 deaths per 100,000 population per day po 'yan. At ngayon po nasa 5.42 tayo, malakilaki po ang ibinaba nito halos 50 porsyento. Samantalang ang NCR naman ay nakapagtala ng 34 na mga average daily attack rate per 100,000 population at ito naman po ay bumagsak sa humigit-kumulang 10 per 100,000 population.

Samantalang ang pangalawang panukatan natin, ang two-week growth rate or TWGR nationwide ay from 11 percent noong kasagsagan na nasa moderate risk, nasa low risk na lang po tayo to -21 percent. Malaki din po ang ibinaba.

Ganoon din po naman sa NCR, from -5 percent na nasa low risk noong kasagsagan ay noong April 4-17, ito'y nasa -47 percent na po ano at talagang bumababa. Ang ibig pong sabihin nitong mga numerong ito ay bumabagal po ang hawaan o ang transmission ng COVID-19 infection sa NCR at sa pangkalahatan ng bayan.

Sunod na slide po, tulad ng NCR Plus, bumababa ngunit bumabagal ang mga kaso sa mga natitirang rehiyon sa Luzon. Makikita po natin 'yong kulay red na red line, ito po ang nagpapakita na talagang bumababa pero hindi ganoon kabilis ang pagbaba sa rehiyon sa natitirang bahagi ng Luzon. Sa kabilang dako naman, nakakakita tayo ng patuloy na pagtaas sa Visayas,

diyan po banda sa baba parang aqua teal color, at ang Mindanao naman ay ‘yong kulay orange, unti-unting nagtataasan din po ang mga kaso.

Ang pagbagal nang pagbaba ng kaso ng natitirang bahagi ng Luzon ay bunga ng patuloy na pagtaas ng mga kaso sa Region IV-B at pagtaas nitong nakaraang linggo sa Regions I and III. Patuloy namang bumababa ang kaso sa Regions II, CAR at IV-A habang nagpa-plateau naman ang Region V.

Nagpapakita naman ang Visayas nang pagpataas kung saan Region VI ang may pinakamabilis na pagtaas lalong-lalo na po ang siyudad ng Iloilo at ganoon din po sa Mindanao, Regions IX and X ang may pinakamalaking itinaas habang tumataas rin ang mga natitirang rehiyon.

Kaninang umaga nagkaroon ng town hall ukol sa re-launching ng atin pong All Experts Group na kung saan may halos 50 ang bilang ng atin pong tumutulong na mga eksperto. At ito ay para ipaalam sa publiko ang papel na ginagampanan ng atin pong mga independent na mga expert groups sa pagpapaigting nang lahat ng ating kilos upang malabanan ang COVID-19.

Patuloy din ang pambansang pagbabakuna laban sa COVID-19. Bibigyan po tayo ng ating vaccine czar, Secretary Galvez, ang mas buong ulat patungkol sa ating vaccination coverage. At sa kasalukuyan, nakapagbigay na po tayo ng halos 4.5 million doses na bakuna at nalampasan na rin natin ang isang milyong indibiduwal na nabigyan ng dalawang dose ng bakuna.

Nitong nakaraang ika-20 ng Mayo, dumating sa bansa ang 500,000 dagdag na doses ng bakuna mula sa Sinovac. Ang pagdating ng mga karagdagang doses na ito ay makatutulong po sa ating paghahatid ng dagdag na proteksyon sa bawat Pilipino.

Ang atin pong mga panghuling bahagi ng akin pong ulat, ang mga pangunahin na mensahe at mga mahahalagang paalala. Sa kabuuan po, una tulad nang naiulat, patuloy na tumataas ang kaso sa Visayas at Mindanao. Binabantayan na po natin ito. Habang bumabagal ang pagbaba ng kaso sa NCR Plus at sana ipagpatuloy po ito sa pamamagitan po nang pinaigting na mga pamamaraan na isinasagawa po, ginagampanan ng atin pong mga pamahalaang lokal, ang mga chief executives.

At ikalawa, hindi po matutumbasan ang kahalagahan nang pagsunod sa atin pong paulit-ulit na paalalang minimum public health standards. Nakita naman natin na sa kabila po nang pagbaba ng kaso sa tuwing magpapatupad tayo ng enhanced community quarantine, malaki po ang

negatibong epekto nito sa ating ekonomiya at kabuhayan ng mga kababayan natin.

Kaya naman po aming paulit-ulit na hinihingi ang kooperasyon ng publiko sa pagsunod sa tamang pagsuot ng mask, face shield, distansya ng isang metro o mahigit, palagiang paghuhugas ng kamay, at pag-iiwas sa matataong lugar upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.

Kaugnay nito, hinihingi rin namin ang tulong ng mga ibang sektor partikular na ang ating transportation sector, trade, and tourism sector, among others, upang siguraduhin po na ligtas at protektado ang ating mga mamamayan.

At huli po, kinakailangan natin magpatupad ng mga pangmatagalang aksyon o kilos upang mas maging handa tayo sa mga posibleng surge at sa mga iba pang pandemyang maaaring dumating. Kasama rito ang pagpapalawak ng ating local surveillance capacity, kabilang ang sapat na human resource at makabagong information system, ang pagpapaigting ng atin pong referral systems sa konteksto ng ating pagbubuo ng healthcare provider networks, at pagpapalakas ng ating financing mechanisms sa pamamagitan ng PhilHealth at iba pang pondo mula sa GAA ng ating gobyerno upang makapagbigay po tayo ng abot-kayang health services, at last but not least ang pagbubuo ng ating vaccine self-reliance.

So ito na lang po ang huling bahagi po ng aking ulat at handa po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan. Maraming salamat, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Duque. Next is Secretary Galvez and then we would like to hear the DILG sa regarding my order of overseeing the itong vaccine ngayon. Go ahead, please.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Sir, Mr. President; to our Executive Secretary; Senator Bong Go; fellow Cabinet members, magandang gabi po sa inyong lahat.

Sa ngayon pong gabi ay magkakaroon po tayo ng presentation sa ating update on vaccine administration.

[First slide, please. Next slide.]

Sir, maganda pong balita dahil kasi po noong mga nakaraang buwan 40 days --- 40 days po tayo bago magkaroon ng --- ma-breach natin ang 1 million, noong March at saka po noong April. Pero sa ngayon po, 20 days lang po na-breach na po natin 'yong 2 million.

So ngayon po nakatala na po tayo ng 4.495 million na na-vaccinate po natin. Maganda po 'yong ano last week kasi na-break po natin ang record in terms of 'yong daily jabs, na-breach na rin po natin 'yong 237,984 jabs a day. So noong May 7 --- May 21 po na-reach po natin po 'yon.

And then 'yong atin pong objective na magkaroon po tayo ng 1 million per week, na-breach din po natin 'yon noong May 17 to 23 noong last week. At nagkaroon po tayo ng 1,168,030 jabs per week. So makikita po natin by June, puwede na po tayong mag-aspire na magkaroon po tayo ng 4 million to 5 million per month.

Ang magandang balita rin po dito 'yong ating healthcare workers ay more or less 90 percent na po ang ating ano ang ating nabakunahan. Mayroon po tayong tinatawag na --- mayroong tinatawag na vaccine hesitancy, lalong-lalo na po doon sa tinatawag nating barangay healthcare workers.

So 'yon po talagang hihikayatin po namin ang DILG at saka ating mga LGUs na talagang pagsumikapan pa na magkaroon po ng tinatawag na ma-increase ang kanilang confidence sa ating public uptake.

At malaki po ang magiging ano po kung talaga pong ia-announce po natin, Mr. President, na 'yong mga senior citizens dapat po talaga magkaroon po talaga ng vaccine kasi sa ngayon po 11 percent pa lang po ang nagpapa-vaccine na mga senior citizens. At nakikita po natin ang karamihan po sa casualty po natin, more than 60 percent sa casualty po natin sa --- sa ating mga namamatay sa COVID ay mga seniors po.

So kami po nag-aano po kami ni Secretary Duque na kasi po kayo po ang pinakikinggan ng ating mga ano po na kayo po nakapagbakuna na po ng --- sa para maging protektado po tayo. At 'yon po tinitingnan po namin na talagang dapat po mahikayat po natin 'yong ating mga senior citizens at saka mga people with comorbidities na magkaroon po talaga ng lakas na magkaroon talaga ng bakuna.

Kasi nag-ano po nagreklamo nga po si Senator Win Gatchalian na nakita niya sa Valenzuela, 29 percent lang po 'yong --- 'yong nag-uptake, ibig sabihin nag-volunteer na magpabakuna doon sa area po nila.

Sa mga ibang LGU rin po, nakikita po natin 'yon ang major challenge natin na pagka doon po sa tinatawag nating group D and E, mataas po ang hesitancy. Iyong A, B and C group po ng population ay mataas po ang

uptake pero doon sa mga barangay at sa mga kaloobloobanng mga congested area doon po tayo nahihirapan ng mga tinatawag natin na 'yong more or less 40 percent or sa 40 percent parang ayaw pong magpabakuna.

So 'yon po ang ginagawa po natin kaya po nagkakaroon tayo ng tinatawag nating town hall meeting sa DOH at tumutulong po ang private sector para mapataas po 'yong uptake ng ating mga kababayan.

[Next slide, please.]

Dahil po na mataas po ang rollout po natin last week, tumaas din po 'yong ating ranking sa global ranking. Tayo na po ay 36 out of 96 countries --- 196 countries, na last ano sir, last week, ay 41st po tayo. So tayo po ay umangat ng five notches.

And then sa buong Asia, from 16 naging 13 na po tayo. At sa ASEAN, nakahabol po 'yong ibang mga ASEAN members, 4th po tayo --- tayo noong May 18, ngayon po nag-second na po tayo.

At tuloy-tuloy po ang ating pag-ayuda sa pagtaas ng ating vaccination rollout kasi medyo maayos na po ang ating mga vaccination centers. At saka ang LGU po, through the leadership of our Secretary Año, ay talagang ganadong-ganado po na magkaroon po talaga ng herd immunity soonest possible time ang kanilang mga lugar.

[Next slide, please.]

Ito po ang mga vaccine scheduled deliveries po sa second quarter. Nagkaroon po tayo ng tinatawag nating --- nagkaroon po tayo ng slip or mayroong mga hindi dumating po na mga vaccine na expected po natin noong May, especially po 'yong sa Sputnik, we are expecting 1.3 million at ang dadating lang po is 300,[000].

And then 'yong Pfizer po na supposed to be darating ng ano ng May ay darating po sa atin ng --- ng June. Ang maganda rito hindi po nawala 'yong ano 'yong vaccine na 'yon, 'yan po ay na-move lang po ng June 7 to 11.

And then ang AstraZeneca most likely baka mayroon rin po tayong matatanggap both doon sa ano sa COVAX at saka po 1.3 million na AstraZeneca na galing po sa procurement ng ating private sector.

Moderna po more or less mga May --- June 21 po darating. At ang Sinovac ay more or less mga June 6 darating ang 1 million, pero mayroon po tayong

inaasahan na 4.5 million doses for June, with a total of 12,250,000 na doses for June.

So ito po ang inaano po namin na most likely kung sana po may awa ang Diyos na makuha po natin ‘yong 12 million this coming June.

[Next slide po.]

Dumako po tayo, sir, sa ano sa global ano po natin. Nakikita po natin ang Malaysia and Thailand talagang tumataas din ang kaso. Pero nakita po natin ang Indonesia dahil mataas po ang level ng kanilang vaccination, nakikita po natin na talagang bumababa po nang tuluyan ang Indonesia sa kanilang mga kaso.

Nag-start po sila ng vaccination last February, nakita natin na --- at sa kanilang maigting na response, nakita po natin ang Indonesia nami-maintain nila na mababa po ‘yan.

And then…

[Next slide, please.]

Sir, maganda pong mga balita na ‘yong mga vaccine na nabili po natin ay talaga pong very epek --- epektibo sa mga variants ng India. At the same time, ang US po ay nagkaroon po ng tinatawag na report na ‘yong kanilang ano ‘yong kanilang vaccination program ay naging maigting at ngayon bumaba po ang kanilang mga cases.

[Next slide, please.]

Ipakikita po natin ‘yong report na talagang ‘yong mga roll out leaders ng real-world examples of how vaccines can work against the pandemic. Iyong sinasabi nga po natin na dati pa na talagang ang ating solusyon dito ay vaccine.

Nakikita po natin talaga na sa UK noong nagkaroon po sila ng 50 thousand --- 50 million na vaccination, nakikita natin pababa po talaga ang kanilang mga kaso. Nakikita po natin nagsimula po sila na napakataas po ng kaso.

At ang US ganoon din po, noong na-reach nila 'yong more or less 30 percent ng kanilang ano, nag-reduce na po ang transmission nila.

At ang pinakamagandang ano --- pinakamagandang kaso po talaga ay 'yong Israel, noong umangat po sila ng more than 50 percent, talagang nakita natin talagang napakababa po, nag-dive po ang kanilang mga kaso.

Sinabi po nila sa akin noong nagkaroon po kami ng meeting ng mga officials ng ano --- health officials ng Israel na noong dati umaabot sila sa 8,000 to 10,000 ang nasa ospital. Ngayon po ang kaso po nila 47 na lang po. So nakikita po natin na talaga 'yong sinasabi nga natin na the vaccine works.

[Next slide, please.]

So ito po ang nakikita nating three key imperatives to end the global pandemic.

Nakikita po natin talaga na even though we are doing the aggressive vaccination, we need to further strengthen the surveillance and sustain the mitigation. So iyong ating PDITR strategy at saka 'yong tinatawag na continuous testing at continuous genomic surveillance of variants and sustained public health measure, kailangan po nating mai-maintain po 'yon.

Ganoon din po ang ginagawa ng ibang countries na kanilang ano kanilang ginagawa na though they are aggressively vaccinating, mini-maintain pa rin po nila 'yong tinatawag po nila na phased opening.

So sa aggressive vaccination po natin talaga, makikita po natin na ang pinakamalaking problema po ng --- ang global problem is 'yong demand generation. Nakikita po natin sa US noong dati, naga-average po sila ng 5 million a day. Ngayon po bumaba po ng more or less 1 million na lang po at go to even 800,000. Meaning, talagang bumababa po pagka po nagkaroon po

ng saturation point na 50 percent of their ano population ay talagang bumababa po 'yong ano 'yong demand.

At nakikita po natin na sa atin pagka nakuha rin natin 'yong ganoong ano po na mga 60 percent o 50 percent, may possibility po talaga na bababa po 'yong demand. So 'yong ating objective na magkaroon po ng herd immunity by having 'yong 70 percent or even 80 percent of our population ay magiging malaking challenge po, Mr. President.

Kaya po kailangan po talaga natin na hikayatin po natin ang ating mga kababayan na magkaroon po talaga ng tinatawag natin na masigasig na magkaroon ng bakunahan po sa buong bansa.

At sa ngayon po, tinitingnan po natin 'yong mga --- we are adapting [to] the vaccine innovations. Ang ating mga manufacturers, mayroon na silang ginagawang mga boosters and then 'yong ibang countries, bumababa na po sila sa 12 years [old] na vaccination kasi ang ano po ng sinasabi nga po nila na 'yong 17 and below, more or less 29 or 30 percent ng population ay puwede pa ring gumalaw.

And we cannot contain --- fully contain and eliminate the disease if we have a sizeable amount of population that have not been vaccinated. So many countries right now --- those countries who are ano who are on the lead of the vaccination, they are now dipping to the pediatric vaccination.

And then also some countries na nagkaroon po ng tinatawag na problema po sa supply ay nagkaroon po sila ng tinatawag na mix and match. I believe mayroon po kaming nabasa sa ano po sa Spain na ang AstraZeneca ang first dose, ang second dose niya po is Pfizer. And they found out na sa limited ano po nila ay mas mataas po ang efficacy.

So iyon po ang presentation ko lang po ngayon, Mr. President, at tuloy-tuloy po ang pagbabakuna po natin. At kami po ay humihingi po talaga ng tulong sa SILG para at least ma-impose po natin 'yong ano iyong maximum vaccination sa mga areas po natin.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Let me --- magsingit lang ako ha. Ito bang nag-aagawan ng Pfizer and some of the local government units who would have it as an exclusive vaccine for them, alam mo ho, hindi puwede ito kasi... Mayroon tayong Pfizer, walang problema 'yan; at maibigay natin sa mga tao, walang problema. But 'yong mga tao na would like to demand Pfizer at walang iba, ay hindi pupuwede 'yan kasi hindi naman talaga lahat dumating sa atin puro Pfizer.

It could have been another story kung ang Pfizer exclusive sa atin dumadating. Ang Pfizer ho ay one of the brand vaccines that are being well --- dumadating sa atin that has been using by government, iba-iba ho: Sinovac, Moderna, and even...

Ang ready na marami in numbers ang Sinovac. Iyan ang ginagamit sa Indonesia, then sa --- *[Ano pa bang gumamit niyan?]* --- Indonesia, Hong Kong, then you have si ano si Widodo. So... Eh India. Eh kung gusto ninyo sigurado Pfizer at you begin to be selective, hindi ho puwede 'yan kasi 'yang Pfizer iisa lang sa mga kako nga dini-distribute natin. And kung ang Pfizer...

It's not because of the brand that is really very, very effective because lahat naman 'yan ay talagang magagamit natin. You begin to demand exclusivit --- exclusive iyong Pfizer sa inyo. How about the others? Eh kung ubusin ninyo para Pfizer para sa inyo lang, wala ng iba. Eh 'yong lahat ng Pilipino na gusto ng Pfizer hindi mabigyan.

So I cannot... If I were the --- 'yong ano --- I cannot administer exclusive Pfizer sa isang lugar to the exclusion of other Filipinos. Kaya hindi puwede ho 'yang ano --- eh kailangan talaga i-mix 'yan at saka 'yong blind ang tao sa

anong binibigay. Basta may bakuna. Period. And the best bakuna is really the one that's available for you.

Ngayon 'yong ano ninyo na mag-ayaw ninyo, eh hindi nga puwede nga 'yan eh. O ulitin ko, kung kayo lang ang may gusto tapos iyong iba hindi mapagbigyan, paano 'yong ibang Pilipino? When you begin to be selective, the others will also begin to be agitated about the potency na pareho naman sana sa iba. They will also demand Pfizer. How about the other Filipinos from the Visayas to Mindanao? Eh hindi natin mabigyan. Hindi puwede 'yang ganoon.

There must be equality in everything. Kung sana maraming Pfizer tapos hindi maibigay sa inyo, then you have every reason to complain. But if it is a limited number tapos gusto ninyo sa inyo lang, hindi puwede 'yan. So ang order ko is to mix. Kung ayaw ninyo, huwag. Ayaw ninyo ng ibang --- Sinovac and other --- hindi namin problema 'yan. Anyway kung matamaan ka ng COVID, wala kaming magawa sa inyo. Sabihin namin na, "Well, it's your choice. You wanted something which cannot be given to you." Kasi ito I said haluin namin lahat. Halo-halo. Eh dumating sa inyo halo-halo na vaccine. Kung ang... I don't know if it's true but Secretary Año will --- magsalita dito na after me. Ang masabi ko lang na kung marami sanang vaccine, tama 'yang inyo. Walang problema. Eh kung sumasali kayo diyan sa argumento na vaccine kailangan kung gusto niya ibigay, hindi namin maibigay 'yan.

It is impossible for you to have a vaccine sigurado pag-upo mo. Vaccine is vaccine, walang pilian 'yan. Kung puro Pfizer lahat dumating sa atin, okay. But ang Pfizer is just one of the variants that we are using.

Now, if you use it in one place --- kaya nga sabi ko ulitin ko again --- how about the other Filipinos? So there has to be equality. Equality means that, well, kung haluin namin, if by chance you are injected with Pfizer, eh suwerte ka kung iyan na talaga ang gusto mo. But ako ang --- a misnomer, bakit maging masuwerte ka kayong mga kukuha ng Pfizer? Why? Do you think you that are better of --- well, being vaccinated and you are far from getting COVID again? There are so many variants now and it's better to have the vaccine right away without being choosy.

Hindi ho puwede 'yan pati 'yong mga doctors sumali 'yong mga ano... Kaya kayo dito. Kayo nandito payag ako. But 'yong udyukin mo 'yong tao na he has the right to choose for his --- pati 'yong ibang officials. I... Hindi...

Not --- not feasible at all. Hindi ka makapili kasi kakaunti lang rin 'yan. If you think of the other Filipinos who would want to be injected with vaccine, eh hindi lahat. So it would not be fair to just concentrate or focus the Pfizer vaccine in one place. Mahirap 'yan. You might get it but it is a result of a mixture. Iba-ibahin namin 'yong ano --- magkaiba lang sila.

Ang sabi ko sa ano, mix --- mix it para walang --- walang... You would not know where... Yes, Senator Go?

SENATOR CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" GO: Maayong gabii, magandang gabi po, Mr. President.

May suggestion lang po at napag-usapan rin po natin ito 'yong sa mga procured na mga bakuna na darating na not covered po ng COVAX, baka po puwede mabigyan ng priority 'yong mga seafarers at saka 'yong mga OFWs na unofficially naman po ‘no na sinasabing hindi tatanggapin po doon sa ibang bansa pagpasok nila doon pero 'yon po 'yong nagdadalawang-isip sila na magpabakuna nitong ibang brand ng bakuna dahil hindi nga sila siguradong tanggapin doon sa pupuntahan na bansa.

At nabanggit niyo po ito, Mr. President, na iprisinta lang nila ang kanilang mga deployment order o patunay na mayroon na silang kontrata doon sa ibang bansa.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo I --- I would like to go along with them. But when you begin to distribute 'yong mga bakuna and pipiliin mo 'yong tao, it is not really a matter of where you are going. Sabi ng tao, "Eh hindi namin problema 'yan kung pupunta sila sa ano..." So that should have a separate program.

I will call Secretary Año, he has more to --- to tell you about what I'm trying to say to the public. Secretary Año, can you?

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; fellow public servants, magandang gabi po.

Ang una pong aking ibibigay na... *[Iyong unang slide, please, pakibalik. Iyan.]*

Dito po muna tayo sa update po noong ayuda. Maganda pong balita sapagkat umabot na po tayo sa 99.67 percent. Ibig sabihin po ang lahat na beneficiary nakatanggap ay 22,838,875, almost 22.83 billion po out of the 22.9 billion na inyong ipinamahagi.

Ninety-three LGUs po ang nakatapos ng 100 percent. May iba pong LGU na nagsauli ng pera sapagkat kahit ano pong hanap nila ay hindi na nila makita 'yong beneficiaries kaya isinauli na lang po nila 'yong pera.

[Next slide, please.]

Ito po ang breakdown ng ayudang ipinamigay natin sa NCR Plus; makikita po natin sa Metro Manila, 99.95 percent, 11 billion po ang naipamahagi. Ang Bulacan po actually ay 100 percent na po ito, total of 2.96 billion ang naibigay sa mga beneficiaries. Ang Cavite po ay nasa 98.45 percent, 3.3 billion po ang naipamahagi. Sa Laguna po, 99.74 percent, so 2.7 billion. At sa Rizal po ay 99.68 percent or 2.6 billion. Kaya po nais nating batiin ang mga LGUs, ang mga mayors, ang mga barangay officials, social workers, mga DILG field officers, sa kanilang accomplishment at taos-pusong pagseserbisyo.

Bagama't kahapon po ang naging deadline natin 'yong ibang natitira po ay tatapusin natin at 'yong hindi nakatapos ay pagpapaliwanagin natin bakit hindi nila natapos ng 100 percent.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary, may I --- I beg your ---

SEC. AÑO: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: --- kind indulgence. Pasingitin mo lang ako.

Itong --- what is being given to you now by the DILG, ito 'yong tulong, it runs into billions. Pay attention sa nandiyan nakikita ninyo ngayon, mga Pilipino, kaya ang sabi ninyo walang ti --- walang binigay ang --- ang gobyerno na tulong. Nauubos nga dahil diyan sa assistance ninyo eh.

It's --- DILG has been very diligent in giving the money. Sila ang inaasahan ko na sila ang magbigay na nakikita naman ninyo. I said pay attention to the figures because then you would know magkano ang binibigay ng gobyerno na ayuda para sa Pilipino na naghihirap. Thank you.

SEC. AÑO: Thank you, Mr. President. Sa atin pong pagtulong sa pag-roll out ng bakuna ay maglalabas po tayo ng memo, circular. Ito po 'yong tinatawag

nating fast-tracking of inoculation efforts para po mapabilis. Ito po ay ilalabas natin at ang mga importanteng puntos po dito: papaspasan ang paggawa ng mga masterlist at sisimplehan lang ang data at impormasyon na kailangan i-fill up sa registration. Kung the simpler, the better. Mahirap 'yong marami pang masyadong itinatanong at natatakot 'yong ating mga mamamayan sa pagrerehistro. Gamitin ang lahat ng paraan at pagsabayin ang mga traditional at technology social media-based platforms sa pagparehistro.

Ang atin pong mga seniors, ang ating mga mahihirap na mga kababayan ang iba diyan ay walang smartphone, walang Wi-Fi, walang computer, kaya gusto natin ay kasama din 'yong traditional na pamamaraan ng pagrehistro. Puwede pong mag-assign ng mga tao sa mga lugar at magbahay-bahay para makapagparehistro 'yong ating mga kapus-palad na kababayan.

Tuloy-tuloy na information campaign, aggressive information campaign para maengganyo ang ating mga kababayan na magpabakuna. Bukod sa mga online meetings, social media, pati traditional methods ay dapat gamitin katulad ng pagbabandilyo sa mga sulok-sulok ng ating mga barangay.

Kasama rin dito nais natin ang mga LGU ay magtalaga ng sasakyan at libreng sakay upang ihatid at dalhin ang ating mga kababayan sa mga vaccination sites. Ito naman po ay prina-practice na ng ibang LGUs katulad ng Taguig, Navotas, at Muntinlupa.

At gusto natin na ang mga LGUs ay magkaroon ng partnership sa mga private hospitals, private sectors, NGOs, mga religious organizations, at mga homeowners, at village association para mas maraming vaccination site ang maitalaga natin. Kasama na rin ang paglalagay ng mga drive-thru, paggamit ng mall, mga clubhouses, at kahit po barangay health center, mayroon tayong 42,000 barangay health centers sa buong Pilipinas. Sa pagdating po ng ating mga bakuna, pupuwede nating magamit din 'yan.

[Next slide, please.]

Sa atin pong paghahanda sa pagdarating ng mga bakuna sa buwan ng Hunyo, Hulyo, at susunod pang mga buwan ay tuloy-tuloy po ang paggawa ng vaccination plan ng ating LGU. Sa ngayon po ay mayroong 25,994 LGUs na ang nakapag-submit ng kanilang vaccination plan.

[Next slide, please.]

Nitong mga nakaraang araw ay kapansin-pansin ang pagdami ng mga insidente ng mass gathering at social activities sa ilang lugar sa bansa sa gitna nang mahigpit na implementasyon ng community quarantine. Dahil dito, inatasan natin ang ating mga punong barangay na paigtingin ang pagpapanatili ng kaayusan at siguruhin ang pagsunod sa mga patakaran upang mapigil ang tuluyang pagkalat ng COVID.

Kung maaalala po natin, may tatlong superspreader event na naganap katulad ng mass gathering sa Gubat sa Ciudad sa Caloocan na kung saan ay 20 ang nag-positive dito noong May 9. Ang sunod-sunod na party po dito sa Barangay Nagkaisang Nayon noong May 9 hanggang May 11 na kung saan 54 po ang nag-positive dito. At noong Linggo lang sa Norzagaray, Barangay Matictic sa Bakas River, May 23, ay nagkaroon ng swimming, picnic dito sa lugar at ngayon ay nagsasagawa tayo ng contact tracing.

So dahil po dito ay maglalabas din tayo ng isang memo circular kung saan ang ating mga punong barangay ay bibigyan natin ng mas malaking responsibilidad. Una po ay pananatilihin ang mahigpit na pagpapatupad ng minimum health protocol. Pangalawa ay inaasahan natin na ang ating mga punong barangay na agarang magbuo ng kani-kanilang barangay COVID-19 operation center at barangay tanod health patrols na tutulong magbantay sa pagsunod ng ating mamamayan sa minimum health protocols.

So ang atin pong mga barangay tanod ay magka-conduct ng health patrols lalong-lalo na kapag weekends at public holidays. Ito po ay gagawin nating mandatory. Nais po nating suyurin ang ating mga punong barangays at barangay tanod, ang mga pook-libangan nang sakop ng kanilang barangay lalong-lalo na kapagka Sabado at Linggo at holiday o panahon ng pista upang siguruhin na ang kanilang mga kabarangay ay sumusunod sa minimum health protocols na itinalaga ng ating pamahalaan.

Dapat ding siguraduhin ng ating mga punong barangay na walang magaganap na salo-salo o public gatherings tulad ng inuman, sabong, tupada, piyesta, parade, prusisyon, at iba pang mga mass gathering.

Panlima, patungkol naman po sa ating mga community pantries, inaasahan din natin ang ating mga punong barangay at opisyales na magpapatupad ng minimum public health standard. Dapat din ay mayroong mga emergency

hotline numbers ang barangay kung saan maaaring mag-report ang ating mga mamamayan sa mga nagaganap na mass gathering. Ito ay dapat nakaposte sa iba't ibang sulok ng barangay.

Pampito, inaasahan natin ang patuloy na pakikipagtulungan ng ating mga barangay sa city, municipal COVID operations center at ng operation center ng Philippine National Police sa kanilang mga barangay upang mas epektibo at mas madali nilang maipatupad ang minimum health standards lalo na sa mga insidente ng mass gathering kung saan kailangan ng barangay ang PNP, kasama na rin ang Bureau of Fire bilang force multiplier sa pagdidispersa ng mga tao.

At inaasahan natin ang patuloy na kooperasyon ng ating mga punong barangay sa pagpapatupad ng iba pang mga protocols or ordinansang sinusunod sa panuntunan ng IATF at iba pang sangay o ahensya ng pamahalaang tumutulong upang makontrol ang pagkalat ng COVID-19 sa bansa.

[Next slide, please.]

Sa ating patuloy naman na kampanya laban sa iligal na droga, sa datos na nakalap ng ating pambansang kapulisan, may naitalang 30 mga drug personalities ang kusang sumuko sa awtoridad. Sa mga araw din na ito, 1,317 ang ginawang anti-illegal drug operations ng ating kapulisan at ito ay nagbunga sa naitalang pag-aresto sa 1,709 na mga drug personalities habang 21 naman na personalidad ang namatay habang isinasagawa ang anti-illegal drug operation.

Sa parehong panahong ito, umabot ng P181,461,567 sa kabuuang halaga ng mga nakumpiskang shabu at marijuana mula ika-17 hanggang ika-25 araw ng buwan ng Mayo.

Iyon lamang po, mahal na Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary. Itong --- itong gathering na sinabi mo, ang tigas talaga ng ulo ng mga… Maski na ano, nagtutupada, nagfi-fiesta.

Look, I think there's a law in the… Huwag ninyo akong pilitin na talagang pahirapan ko kayo. We will review the national laws regarding the matter. But I think there's --- there's something in the Revised Penal Code. Pero alam mo kasi, hindi naman talaga 'yang krimen na may ginawa kayo except that ang ga --- you are a… Most of you are committing a crime kasi alam ninyo na after a gathering --- after a gathering, after swimming together, a lot of you will get positive na for COVID-19.

Parang wala kayong --- binabalewala ninyo ang pakiusap ng gobyerno and it's criminal for you to get the COVID and pass it on to another innocent person. It is really a crime. Naghahanap ako ngayon ng batas na paano ko kayo ipahuli ng pulis tapos detained for committing a crime na 'yong mga bata sa [DSWD] tapos ang mga ano is ipakulong ko kayo. I will look for a suitable law because you are now forcing my hand to get into this thing and control it.

Ayaw ninyong mag… Pasaway eh. Iyan ang problema ko, ang Pilipino. Much as we would like to reduce the COVID cases, eh kung ganoon ang ginagawa ninyo, walang katapusan na itong p***** i**** 'to kasi lahat kayo naghahawaan na naman and you know that --- you know the danger of congregating or getting together so close to each other, nagsasayawan pa, nagpipiyesta pa. Ano ba naman? 'Di ba sinabi na sa inyo na delikado 'yan? And you take it nonchalant. Ibig sabihin balewa --- okay lang, balewala kung mayroon.

Hindi nga puwede kasi ginagawa ninyo, you are not contributing to the lowering of the COVID-19 cases, but rather you are there to transmit by getting positive and transmit it to your --- pag-uwi ninyo sa nanay niyo, tatay ninyo, kapatid. Walang katapusan ang perdition dito. Wala tayong pera forever na magsabi sa inyo na sige, mag-COVID kayong lahat.

Otherwise, wala talagang --- walang mangyari itong sa bayan na ito. Ako, okay ako kung sobra-sobra na 'yong ospital diyan na magamit 'yong sa coliseum. Kung ayaw ninyo diyan sa ospital, you go there. But once you are

positive, eh dadamputin ka talaga, ilagay ka sa isolation. 'Pag nag-positive ka, dadamputin ka talaga. Bantay kayo.

And I'll make it mandatory and this will be the job of the municipal mayor, city mayor, and the barangay captains. I will…

You know, kayong mga barangay captain, do you know that you have committed a crime of dereliction of duty? Tingnan ninyo sa Revised Penal Code, magkonsulta kayo ng abugado. Talagang ang unang ipakulong ko 'yong barangay captain having committed a crime of dereliction of duty under the Revised Penal Code. Eh pinipip --- napipilitan ako, ayaw ko sabi ko, magtrabaho kayo.

Iyong barangay captain, if you are really worth your status there, kung ayaw ninyo, umalis kayo kasi 'pag ulit ito --- 'pag may isa pa, beginning tonight, 'pag may isa pa, ang unang hulihin ang barangay captain. I'm ordering the police to arrest the barangay captain and bring him to the station, investigate him for being a derelict, of dereliction of duty having failed to enforce the law.

Kasi magpa-barangay captain kayo, persons in authority tapos wala kayong gawin, hindi kayo tumulong sa national government, you are not doing anything, then I will order your arrest. Ayaw kong --- you know, may nagsabi iba, suspension of the writ of habeas corpus para damputin na lang kayong lahat. Ayaw ko because hindi naman talaga ito outright something which is a violent crime.

Pero dereliction of duty is your omission to really do your work. So ang unang --- 'pag naulit pa ito, ang unang hulihin ang barangay captain kasi 'pag nangyari ito ibig sabihin you gave the permission by --- by --- perforce that is the presum --- kay kung hindi --- kung hindi ka nagbigay ng permiso, hindi mangyayari 'yan.

Ngayon kung there's a party or there's a swimming, picnic there tapos wala kang ginawa, ikaw ang hulihin ko una. The first line of --- to be there sa lineup sa pulis, imbestigahin kayo. I'm ordering the --- the DILG to enforce

the law. The crime, Secretary, is dereliction of duty, it's under the Revised Penal Code. Failure --- you just failed to enforce the law.

And kayong mga pulis, you are put on notice that ang unang arestuhin ninyo 'pag nangyari 'yan --- kasi magtakbuhan 'yan eh. Pagdating ng pulis magtakbuhan 'yan, hindi mo na mahabol. Iyong iba, you'd be able to apprehend some but the others would make good and escape from the clutches of the law. So ngayon mayroong barangay captain, tapos hindi mo nahinto, eh alang-alang naman ang mayor ang pumupunta. In the --- in the echelons of authority, hindi na puwede 'yong mayor magsingit-singit pa doon kasi kayo mayroong power. You and the mayor are persons in authority. So ikaw ang unahin. And maulit pa nga 'to, 'pag may isang one single incident beginning tonight, the police will just arrest the barangay captain first and bring him to the station together with the 'yong nagpi-picnic diyan ang maaresto silang lahat, have them investigated and detain them for… Eh itong barangay captain mabigat 'yan. You can be charged and detained, pagkatapos maghintay ka ng inquest if there is an inquest fiscal. Ganoon na lang kasi pinilit --- pinilitan ninyo akong --- pinilit na ninyo akong mag --- mag-ano nito eh.

I don't --- I hate it, malaki ang respeto ko sa barangay captain. Pero please understand that hindi ito request ko, I am not requesting for help. I am telling you that it is your duty to prevent this kind of events happening in your jurisdiction.

Huwag mo akong --- huwag --- 'wag magtingin sa akin. Hindi ako naghingi ng tulong sa inyo. Ikaw mismo ang pipigil diyan because if you do not do it, you will go to jail. Iyan ang totoo diyan. Kaya ako napilitan magganito kasi talagang ayaw --- 'yong mga tao ayaw magsunod --- sumunod. And despite of that, they flout the law by just doing it every night.

Pagka may congregation, there's a party going on, arrest them. Ikaw na mismo. If you are not capable of doing it, then you call the police to assess you --- to assist rather you, and to enforce the law accordingly. Iyan ho ang --- well, that's the thing about… I --- I said I hate to do --- to say --- to do this, but you are forcing my hand into the matter.

And remember, I said, it is not --- I am not asking for any help from you. It is your duty. I do not have to remind you that if there are violations of law or if there is something which is detrimental to society and to the people, do something about it or else I will arrest you.

Kayong mga barangay captain, remember, beginning tonight, 'pag mayroon pa, the police are put on notice that they are supposed to arrest. It's a valid one. Huwag kayong matakot na mag-aresto ng barangay captain. There is a law which says, the captain must --- barangay captain being a person in authority must enforce the law within his jurisdiction.

Failing it, then you are guilty or liable for the crime of dereliction of duty. Mabuti 'yan klaro. Eh kayong mga pulis kung ayaw ninyong mag-aresto, then the same --- the same, dereliction of duty. It --- it's --- it applies to all. As a matter of fact, it applies to all law enforcement agencies.

If there is there in front of you a crime committed, you must act. And I said, for those who are doing their duty, for those who are charged in connection with the performance of your duty, I will be there to help you and I will not allow you to go to prison if you do exactly what the law requires.

Iyan ang ano. Ngayon, pag-aresto ninyo, iyan nga ang ano diyan eh, lumaban, ayaw sumama, tapos may kaunting garas sa mukha tapos human rights… Itong Human Rights you better --- you better go inside the story. Do not just presume --- presumptuous na mayroong nagasgas, may na --- may --- may bukol ang tao because pagka lumaban 'yan, ang mga pulis may truncheon and that is good.

By the way, I'd like to make it a permanent fixture --- I'm addressing myself to the Secretary of DILG --- that instead of --- you know, using a hand to put a person under arrest na lumaban, na makipagsuntukan siya, eh 'di hampasin na lang niya. Hampasin niya 'yong paa, not the head, 'wag naman 'yong --- that will be --- that will cause a serious… Hampasin mo 'yong kamay, hampasin mo 'yong paa 'pag lumaban because you have to put him under your authority.

Remember, ito mag-lecture na lang ako, 'pag ikaw your duty if you are arrested, tapos may pulis diyan --- pulis ako, you are arrested for violating the law, 'wag kang lumaban. Na 'pag lumaban ka, ngayon sabi ko, 'wag nang lumapit ang pulis masyado sa iyo baka maagaw pa 'yong baril, makipagsuntukan ka pa, hampasin mo ang kamay 'pag ayaw sumunod.

Because when you are arrested, the police or the law enforcer must exert his authority, kailangan kang sumunod. 'Pag ayaw mo, he has his power to use reasonable force kasi 'pag arestado ka, dadalhin ka talaga sa istasyon. There is no such thing as arestuhin ka tapos sabihin, o sige, pagkatapos sa kanya nahampas ka papaalisin ka lang. You must --- the police must bring you to the station.

And the reason why the police can use force is ikaw ito, sibilyan, ito 'yong pulis, paglapit nang ganoon, he must exert his authority to overcome your resistance. Kasi kung magsigawan lang kayo diyan walang mangyari. Sabihin talaga ng pulis, "Sumama ka sa ayaw mo't sa hindi." Kung hindi patay --- patay kang sumama, mabuti; patay ka na buhay, mabuti.

Ang pulis must be aware that he has the power to overcome, ayaw mag-ares --- ayaw magpaaresto. Kaya ang pulis in exerting his authority, must overpower the resistance of the person arrested and bring him, hilahin siya. Eh kung mag-resist-resist lang, magdudumog lang kayo diyan, tapos pagkatapos diyan, o tapos na. And then the police is again --- because you have to be arrested and prosecuted for the crime of… Alam mo 'pag lumaban ka ng pulis, that is --- ano ito, that is direct assault. Laban ka doon sa kapitan, that is a direct assault. Kapag nasuntok mo ang kapitan, direct assault plus 'yong sugat niya. That is the --- baka hindi ninyo alam 'yan.

Pagka lumaban ka, nasuntok mo 'yong barangay captain, ayaw mong sumunod, then you have committed, I said, one, the injury that you caused to the barangay captain, and two, is your crime or whatever --- whatever act that you are --- wrongful act that you are arrested.

So ngayon ang pulis na kasi hindi madala ng barangay captain eh. The barangay captain must take the initiative and if he thinks that he needs the assistance of the police or better still 'yong pulis nandiyan na 'yan. Tapos huwag ninyong palusutin, you surround so that they will not be able to escape and bring them to the --- well, whatever or lecture, pabalik-balikin ang lecture tatlong araw. Stay in the --- wherever the place designated by the barangay captain.

Eh person in authority para kang --- ikaw 'yong presidente sa lugar mo eh. I cannot --- I cannot, you know, ako, hindi ako puwedeng sumingit diyan sa trabaho mo. Eh trabaho mo 'yan eh. Ibig sabihin kung ako bababa pa ako dito sa opisina ko, lalabas ako sa bahay ko, just to go around and arrest the persons violating the --- violating the rules being imposed.

Inyo 'yan, para akong g*** kung ako pa. All I can do is to direct everybody, 'yong guidance, 'yan. Ngayon, the police must play an important role. Do not be afraid, I mean, to use --- you can use force. Ito ha, reasonable force. Kung ayaw lang man magsuntok, makipagsuntukan, paluin mo 'yong kamay o paluin mo 'yong paa para sumunod sa iyo. You can do that because you have to overcome. Kung hindi mo kasi ma-overcome, magtabla kayo, walang mangyari. Ikaw pulis, must --- must overcome, tapos 'yon hilahin mo. That's why you are allowed to use reasonable force if there is a resistance to the arrest.

So huwag kayong matakot. Ako na mismo ang mag-intervene if you are charged tapos ganoon ang nangyari. Ako na mismo ang mag --- ako na ang --- ako na ang papalag. Na ayaw ko 'yong mga pulis mapreso dahil nagtatrabaho. Kasi kung ginagawa ninyo dinedemanda ninyo tapos ang pulis pa ang magkakaso for doing his duty, ibang istorya na 'yan. Hindi na istorya ng human rights 'yan. So better 'yong human rights must study their law also. May mga abugado man kayo, bright man kaya kayo. Eh 'di start to read the Revised Penal Code. Kasi 'yong gobyerno na mag-enforce ng law may kasalanan pa tuloy. Eh anong klase? Walang mangyari sa atin niyan kung ganoon.

Now that is what usually happens it's because mag-countercharge kasi ayaw sumama, masugatan, hinihila ng pulis tapos magpunta doon sa doktor magpa-examine doon sa --- ito may bukol siya dito. Go inside the story, Human Rights, before you do anything else. Otherwise, there will be an endless debate between you and me.

And ngayon, 'pag pina --- finile-an ninyo ng kaso 'yang pulis, tapos ano ko, sabihin ko, "huwag." Sabihin ko 'pag mag-file kayo ng kaso, sabihin ko, "Ha? Bakit? Bakit?"

Ngayon, 'yong mga pulis na abuso, lasing, naghahampas ng tao diyan, 'yan ang pulis na dapat ikulong, and the police that will confront him must also use reasonable force. Ngayon kung may baril 'yan, eh 'di magbarilan kayo but huwag ka naman magpauna. Para 'yan sa mga law enforcement na umaabuso. Hindi 'yong mga law enforcement na nagtatrabaho tapos file-an ninyo ng kaso tapos lalabas 'yang warrant…

Alam mo ang pulis kapag nawalaan ng… When you falsely accused a policeman of a certain wrongful act na hindi naman totoo, kinabukasan wala na 'yang pagkain sa bahay. The children will stop going to school because wala ng pamasahe tapos 'yong pagkain magkukulang na. Imbes ngayon na may suweldo silang malaki, they can eat breakfast, lunch, and dinner with the family. Iyan ang ayaw --- ayaw ko 'yong harassment.

Ngayon, 'yong may imbestigasyon ngayon ang pulis na itong namamatay. Everyday may namamatay. Kahapon may namatay, iyong isang araw namatay lumaban sa pulis.

Again, I would say that I will not allow… Kasi walang mangyari sa gobyerno ko, mainutil kasi ang pulis ayaw nang gumalaw kasi baka mademanda sila.

Then, I say, and for all the armed forces na nagtatrabaho: Do not be afraid because pagka't --- when you are on the right side of the law, I will be there to help you. Kaya itong mga pulis, I caution you, mag --- huwag kayong mag --- 'yang abuso. Huwag kayong mag-duty kung lasing kayo kasi 'pag --- kayo ang hahampasin ko. Iyong dala-dala ninyo na rattan 'yon ang ihampas ko sa ulo ninyo. But when you do your work and you follow the rule, I will be there to defend you. Hindi ako papayag ng harassment diyan. Hindi talaga ako papayag.

Marami ng kaso ng pulis na 'yong inaaresto. Sabihin sila nag-aresto pagkatapos inaaresto sila kasi may kaso, mag-file ang… Basta ang sabi ko sa pulis, sabihin mo ang totoo. If you --- if you want my help, come here sa Malacañan at isabi mo kung anong mangyari. Do not lie to me. Iyan lang ang hingin ko sa inyo. Depensahan ko kayo sa habang panahon but do not lie to me when I ask questions. Iyan ang klaro diyan. Okay?

Now, we are through with Secretary Año. Maybe Secretary Lorenzana would like to say something?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Good evening, Mr. President. Dalawang ulat lang po. Update lang doon sa mga umuuwing mga OFWs na binabantayan natin.

Mayroon pong dagdag na 9,000 mula noong ako'y nag-ulat noong nakaraang linggo. Ang total na po ngayon ay 555,700 ang nakauwi ng OFWs mula --- mula sa ibang --- iba't ibang panig ng mundo.

Doon naman po sa mga Pilipinong nasa Sabah, mayroon pong dumating noong Lunes na 496. Sila po ay dinala diyan sa Zamboanga at pagkatapos ‘yong iba po ay nag-uwian na sa kani-kanilang probinsiya. Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.
I know, alam mo Del, I really appreciate what you are doing. It's a burden really to tanggapin 'yong mga Pilipino which I appreciate very much. Ang trabaho kasi ni Secretary Lorenzana magtanggap ng mga Pilipino dito then mapuwesto sila eh. Doon muna sa hotel, then they wait for a certain period to be transported back to their room.

Masakit sa akin 'yong mga Pilipino na mag-uwi dahil nga sa pandemic. Masakit sa akin na mawalaan sila ng trabaho at medyo ubos ang pera, for long wait to come home. So kung sino talaga 'yung mga Pilipino na gustong umuwi, we will do everything to expedite the return to the country which is the Philippines.

Mahal ko kayo. Kung hindi ka mahal sa kanila, then I love you all and come back to our country and mag-ano tayo kung anong magawa natin para sa inyo.

I would like to call on Dr. Domingo to give us...

FDA CHIEF ERIC DOMINGO: Yes, sir. Good evening, Mr. President. Maikli lang po ano. A few very short update lang po sa mga vaccines 'no.

Sa buong mundo, since last week, may nadagdag po actually na dalawang vaccine. One is a vaccine from China, a private company, and then one from Kazakhstan na na-approve po sa kanilang mga bansa. And these are also inactivated virus vaccines like Sinovac and Sinopharm. So all over the world right now, there are 16 vaccines that are being used under emergency use authorization.

[Next slide po.]

Sa Pilipinas, sa ngayon po mayroon tayo pa ring pito pero malapit na pong maging walo dahil patapos na rin po 'yong evaluation natin 'no doon sa pinakahuli po nating application. So as of now, we have seven vaccines.

[Next slide.]

At ang sa ngayon po, talagang we are still working under Executive Order No. 121. Under emergency use authorization pa rin po ang ating mga bakuna dahil

wala pa rin pong fully developed vaccine anywhere in the world that has been registered for commercial purposes and for marketing.

[Next slide.]

So ang ginagawa po natin, binabantayan po natin nang masusi ng DOH at saka ng FDA to make sure that every time we get any new information, we check all of the adverse events and we make sure that the benefit definitely 'no outweighs the known and potential risks of any vaccine. Kaya po paminsan-minsan katulad po nung AstraZeneca dati nag-pause tayo, pinaaral natin sa experts natin at araw-araw po nire-report sa atin ang mga adverse events.

At ang maganda naman po, binabantayan din natin ang mga datos sa buong mundo sa ngayon, and all of the vaccines that we are using we can guarantee that the benefit outweighs the risk and the real-world data is actually very encouraging katulad po ng sinabi ni Sec. Charlie kanina 'no. Even the vaccines that were said to have 60, 70 percent efficacy during the clinical trials, ngayon po na binabantayan sila sa real-world setting as we are also going to do with DOST, nakikita na mas above *[broadcast interrupted]* percent naman po ang real world.

So karamihan po ng ating mga ano --- *[next slide]* --- karamihan po ng ating mga application for EUA ay mga ano po ano good --- private po ang nag-a-apply pero mayroon din pong mga nag-a-apply na gobyerno katulad po nung ano nung Sinopharm.

[Next slide, please. Next.]

So ito lang po 'yong ano update, Mr. President, ano. Iyon pong Pfizer-BioNTech, ito 'yong pinakauna po natin na binigyan ng EUA na vaccine. Last week, May 20, they applied for amendment to include 12- to 15-year-olds doon sa puwede pong gamitan ng bakuna.

Sa USFDA, na-approve na po ito at ginagamit na po sa mga bata sa Amerika. At iyong atin pong mga experts ay in-evaluate. In fact, early this evening, I already got the recommendations of our experts and it's very favorable. So within the week po, we will be issuing an amendment to the emergency use authorization of Pfizer and it will be ano --- we will be able to use it in children 12- to 15-year-olds. So 'pag dumating po 'yong maraming in-order ni Secretary Charlie na mga Pfizer, maaari na po itong gamitin sa mga batang 12- to 15-year-olds.

[Next slide.]

At iyong huli lamang po natin na update, iyon pong Sinopharm nag-apply na rin po ang DOH noong May 20, last week din po and patapos na rin po iyong ano ang evaluation ng mga experts natin sa data na nakuha natin, it's --- and it seems to be very favorable. Mayroon na lang pong kaunting documents na isa-submit po ang DOH sa atin and we believe that we will be able to ano also complete evaluation and issue an EUA for Sinopharm either towards the end of this week or early next week. Ang hinihintay na lang po natin na application as of now 'yong sa Novavax. At mukhang malapit na rin po kasi nag-apply na rin po 'yon sa USFDA at saka sa India.

Iyon lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat Atty. Domingo. It is now your --- Karlo Bendigo.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maraming salamat. Maayong gabii. Maayong gabii, Mr. President, Senator Bong --- Bong Go, at ang ating mga miyembro ng Gabinete at sa mga kababayan natin.

Mr. President, kasabay ng laban natin kontra COVID, siyempre 'yong laban natin kontra sa kagutuman at malnutrisyon. At pagdating sa problema ng gutom, kailangan marami po tayong napo-produce na pagkain.

So ang report ko po, mag-focus dito sa tinatawag nating Key Result Area No. 2 ng iyong Task Force Zero Hunger at ang KRA2 ay tungkol po sa food production.

[Next slide.]

Ang report po ng Department of Agriculture, ayan po sa National Rice Program po, ay nakapag-distribute na po ng mahigit 4,331,000 kilograms ng mga rice seeds at nakapag-distribute na rin po ng 8,893,375 kilograms of fertilizer. Subalit mayroon pa tayong reserve for the year na 9,500,203 kilograms ng seeds at mayroon din po tayong 25 seed storages.

Pagdating naman po sa Urban Agriculture at Gulayan sa Barangay at Paaralan, mayroon po tayong na-establish na 3,177 sites para sa Gulayan sa Paaralan, 2,367 sites para sa Urban Agriculture Garden, at 430 sites para sa Gulayan sa Barangay at sa Likod Bahay or bakuran.

Subalit mayroon din po tayong ilulunsad na iba pang mga Gulayan sa Paaralan, Urban Agriculture, at Gulayan sa Barangay. Kasama natin ang mga 4Ps beneficiaries po natin at maging dito sa NCR Plus, which is ang area of concentration natin lalong-lalo na sa laban against COVID-19 pati 'yong laban against hunger 'no, Mr. President.

At dito naman sa Rural Development Program po natin, mayroon po tayong na-construct at rehabilitate na 53 kilometers worth of farm-to-market roads na subprojects po and we have 32 enterprise subprojects din po under this program.

Sa Philippine Coconut Authority naman po, alam po natin isa sa mga marginalized farmers po natin ay ang mga coconut farmers kaya talagang isinusulong po natin iyong intercropping para dalawa or tatlong crops po ang ating mga coconut farmers at hindi lang sila dependent sa coconut.

So mayroon po tayong 536.5 hectares na na-intercrop po natin na mga coconut farms with bananas, sweet potato, cassava, vegetable, at corn. At na --- ini-incentivize po natin ang replanting ng mga coconuts to replace 'yong old coconut trees po natin. Mayroon po tayong 1.878 million good

seedlings na na-plant po sa field mismo benefiting 15,680 farmers and covering 13,219 hectares.

Iyong Agricultural Training Institute naman po ay naka-establish ng 19 urban gardens in NCR at marami pa tayong gagawin sa NCR Plus area na mga urban gardens, Mr. President, at mayroon din po tayong higit na 47,400 starter kits na na-distribute sa mga household beneficiaries po natin.

Sa Department of Agrarian Reform, ito alam naman po natin, Mr. President, matagal mo talagang priority ito, matagal ng priority ng ating Mahal na Pangulo ito at isinusulong po talaga ito ng ating Department of Agrarian Reform.

Ang registration po ng mga Emancipation Patents at Certificate of Land Ownership Award or CLOAs, 18,789 hectares benefiting 14,529 agrarian reform beneficiaries at nakapag-distribute na po kayo, Mr. President, together with the Department of Agrarian Reform ng EPs at CLOAs covering 40,407 hectares to 31,771 ARBs at hindi pa po tayo natatapos dito. Patuloy pa rin po ang distribution natin ng mga CLOAs at EPs.

Sa --- kaya nga sa period ng January to March of this year, 8,729 hectares na po ang na-distribute sa 8,076 ARBs in this three-month period lamang po, Mr. President. And again, as you mentioned, iyong government-owned lands din po natin kasama diyan sa agricultural lands that are being covered for distribution under EO 75-2019.

Sa... Pero hindi lamang po lupa ang ibinabahagi natin sa agrarian reform beneficiaries, mayroon din po tayong training. Nakapag-provide po tayo ng training programs sa 520,342 agrarian reform beneficiaries; nakapagbigay po tayo ng access to credit and microfinancing services sa 171,695 ARBs, and of course, technical, enterprise, farm support, and physical infrastructure sa mga ARB organizations po natin na 3,649.

Huli na lang po, Mr. President, other initiatives po natin, mayroon po tayong ginawang MOU signing ng Department of Agriculture kasama ang Office of the President-Presidential Commission for Urban Poor para sa “Food Caravan” Program at 'yong pakikipag-tie-up rin po natin sa private sector, ang Department of Agriculture at ang SM Development Corporation at para tuloy-tuloy 'yong implementation ng KADIWA ni Ani at Kita.

Iyon lang po, Mr. President, at marami pa pong iba pero for this purpose ito na lamang muna.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Bendigo. Si Secretary Roque, I know that mayroon kang sabihin sa tao.

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Well, actually iniisip ko po off the record na lang po dahil ayaw ko nang pasikatin 'no. Pero unang-una po, ngayong nandito na po tayo sa bakuna, ang ating mga kritiko talagang hindi nauubos ---

PRESIDENT DUTERTE: Tanggalin mo yata ang ano mo para mas maganda ang boses mo.

SEC. ROQUE: --- ang ating mga kritiko po hindi nauubos talaga ang pagpupula. Bago dumating ang bakuna, ang tanong nila, "Nasaan ang bakuna?" Nang dumating ang bakuna, "Bakit Chinese?" Noong dumating ang ibang brand, "Bakit hindi puwedeng makapili?"

So talagang wala po talagang katapusan 'yan. Pero *[laughs]* pero I think ngayon po, ngayong napapakita natin na dumadami na ang nagbabakuna, eh bigla namang nag-volunteer gusto raw niyang um-appear (appear) sa infomercial kasama kayo. Sa loob-loob ko, matapos tayong siraan nang siraan eh ngayong nagiging matagumpay ang ating vaccination eh makikisama ngayon 'no.

But anyway, iyan po 'yong desisyon ninyo pero ang sabi po ng ating Bise Presidente, nais po daw niyang makasama kayo sa infomercial para sa vaccine confidence. Ang sabi ko po eh I'm sure pag-aaralan ninyo kung anong kontribusyon na maibibigay ng partisipasyon ng ating Bise Presidente dahil alam naman po natin siya po ay isa sa pinakamaingay na kritiko sa lahat ng ating ginawa kasama dito sa vaccination. Although ang sabi po niya "fake news" daw po 'yan. Pero iniisa-isa ko po lahat ang sinabi na niya tungkol sa ating mga vaccination program. Isa po 'yon 'no.

At 'yong pangalawa... Nakalimutan ko na. *[laughs]* But anyway --- anyway, 'yong isang bagay po I'll just discuss privately po pero hinahanda na po natin 'yong bagong infomercial na kasapi po kayo para po sa vaccine confidence at ito po ay sa tulong din ni Chairman Greg Garcia na siya ring gumawa po nung "Mask, Hugas, Iwas" na kung saan kayo po 'yong concluding na nagsabi ng "Mask, Hugas, Iwas". Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Mayroon isang... Hindi ko alam nandiyan pala si Sal all along. Are you late or are you late?

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Hindi. Mr. President, kanina pa ako. Mula noong nagsimula nandito ako.

PRESIDENT DUTERTE: It's your turn now to talk. What is your advice and what is your --- ?

SEC. PANELO: Susususgan ko, Ginoong Pangulo, iyong binanggit niyo kanina na naghahanap kayo ng isang krimen para maihain natin doon sa mga pasaway. Mayroon po sapagkat sa ilalim ng Codigo Penal, 'yong tinatawag na reckless imprudence. Kung halimbawa 'yong isang tao na lumalabag sa mga protocol, alam niya na kung siya ay lumabag ay mayroon hong probabilidad na kung hindi siya mahahawaan, makakahawa siya kung mayroon siya. Eh alam niya po 'yon sapagkat isang taon na po nating paulit-ulit 'yong sinasabi natin 'yong kalakaran ng ganoon eh either ikaw ay makahawa o ika'y mahahawaan.

PRESIDENT DUTERTE: Kita mo, sa totoo lang, I never really looked into that, dito ako sa dereliction of duty pati ano... Tama ka, I agree with you. Papasok 'yan.

If you --- if you really think about it kasi karamihan reckless imprudence 'yong pag-drive but it does not only limit it to it is that --- the law does not limit it into itong mga nasagasaan, reckless imprudence resulting in homicide, may mamatay, reckless imprudence na nakasakit ng tao. But it could also apply to itong ganitong sitwasyon. Anything that is a wrongful act that would result to the detriment of the people of the community.

So wala naman siguro. Everybody has --- has had their chance to talk. Wala naman akong maisip na iba except to say again that huwag kayong mamili ng bakuna. They are all good.

Sabi ninyo efficacy, but latest report ng I think it was Indonesia, they reported that 98 percent effective. Depende 'yan sa ano. Eh kung may sakit ka na sa heart, may kidney problem ka, eh hindi talaga kasi mauubos na 'yong antibodies mo.

Pero ako sa awa ng Diyos binigyan lang ako ng 300 which is good. Noon ano lang eh 67 tapos 'yong naano ako sa doktor kinunan ako ng --- *[Kailan ba 'yon?]* --- dugo, process doon sa blood ano blood chemistry at pinag-aralan, nag-abot ako ng 300, just good enough. I think it will be increasing --- your

antibodies will increase of --- hindi naman overnight, but on the long run, you will develop more and more antibodies as time goes by.

Kaya tayo we are safe but we are not as safe if we do not wear the mask. Importante 'yang mask eh just for anything.

So sana ho sundin ninyo 'yan. Beginning tonight, the Secretary of the DILG is here, the police is under him and I am sure that he will give the order. Hindi naman ako direkta sa pulis eh. I act through Cabinet members. So ang DILG is under --- the police is under the DILG. So siya na ang... Request ko na gawain natin ito, I suggest that itong gawain natin kagaya ngayon, and he will pass that order to the --- down the line --- down the line, from the Cabinet member down the line. Agriculture ganoon rin. Ganoon rin kay Secretary Roque, kung anong sabihin ko na sentimyento ko, sabihin niya. And then si DND, kung ano kong gusto ko diyan sa mga sundalo, hindi ako magdiretso sa kanila. I call the DND Secretary Lorenzana to do the things that --- hindi ako mag --- hindi ako puwede magdiretso, marami akong trabaho. So health ay kay Secretary Duque. Diyan ako sa kanya… I cannot be a Secretary of Health at the same time President. It's just impossible. You will not be able to do the job.

The function of the Cabinet member is really that the President cannot attend to all the problems and all matters that would need my attention, urgent or not. So I act through Cabinet members. If it's about the military, the Armed Forces, Lorenzana. If it's about police matters, si Año. And health, si Secretary Duque.

That is how it works. At 'yong parang pinaka-chief of staff ng Cabinet is the Executive Secretary. Siya 'yong pinaka --- pinaka sa taas --- hindi naman pinakataas but he's the little president. Doon ako sa kanya naghingi ng input kung ano ang nangyari kaya he is supposed to know everything.

So that is how government works at mabuti’t naintindihan ninyo 'yan para you would be guided accordingly and do the right things only, avoiding the wrongs.

Maraming salamat po sa inyong lahat. *[applause]*

--- END ---